REBOLUSYONARYO A PAGIWARNAK TI UMILI ITI AMIANAN-LAUD A LUZON

# DANGADANG

Enero 2022 | Taon 36 Bilang 1 | P10.00 | Ipasa Pagkatapos Mabasa



**Editoryal**

## HADLANGAN ANG PANUNUMBALIK NG TIRANONG DINASTIYANG MARCOS SA MALACAÑANG AT ANG PANANATILI SA KAPANGYARIHAN NG TIRANONG PANGKATING DUTERTE! SINGILIN SILA SA KANILANG MGA KRIMEN SA MAMAMAYAN!

### Ang Pasistang Lagim ng Diktadurang US-Marcos

Ang buong panahon ng pasistang diktadurang US-Marcos mula 1972-1986 ay isang madilim na kabanata sa kasaysayan ng Pilipinas. Napakalaking kabalintunaan ang itinatambol ng tiranikong dinastiyang Marcos na ito ang "*Golden Years*" sa kasaysayan ng bansa. Nahalal ang sakim sa kapangyarihan na si Marcos bilang pang-anim na presidente ng papet na republika ng Pilipinas noong 1965 matapos talunin si Diosdado Macapagal. Pagkatapos ng kanyang termino, tumakbo siya ulit bilang presidente noong 1969 at tinalo ang katunggaling si Sergio Osmena, Jr.

Dahil sa paglubha ng pampulitika at sosyo-ekonomikong krisis ng semikolonyal at semipyudal na naghaharing sistema, ang estado ng naghaharing uri ng malalaking burgesya kumprador, panginoong maylupa at burukrata kapitalista ay hindi na makapaghari sa dating burges-demokratikong pamamaraan. Upang pigi-lan ang lumalakas na paglaban ng mamamayan, bago pa natapos ang kanyang ikalawang termino, ipinataw nito ang lantarang paghahari ng pasis-mo nang ideklara ang batas militar noong Setyem-bre 21, 1972. Minopolisa ng tiranong si Marcos ang kapangyarihan ng ehekutibo, lehislatibo at hudikatura. Tinanggal ang mga demokratiko at liberal


Hen. Fabian C. Ver

na pa-lamuti ng reaksyunaryong estado at pinailalim sa kanyang absolutong kapangyarihan ang mga halal na upisyal ng gobyerno sa lahat ng antas. Agad niyang ipinatupad ang pag-aresto sa lahat ng kanyang karibal at kritiko sa Kongreso, sa pampulitikang partido, sa mga organisasyong masa, masmidya, unibersidad at iba pa. Pinalawak at pinasidhi niya ang madudugong mga kampanya ng pagsupil sa mamamayang Moro at iba pang Pilipino sa kanayunan. Pinahigpit ni Marcos ang kanyang kontrol sa AFP sa pamamagitan ng pagpapalawak sa Presidential Security Command at National Intelligence Security Authority sa pamumuno ng kanyang pinsan na siyang pinakamatapat na berdugo na si Hen. Fabian C. Ver. Ipinuwesto ang kanyang malalapit na kamag-anak, kaibigan, kaprobinsya at karehiyon sa pamunuan ng AFP. Itinalaga niyang ministro ng Human Settlements at gubernador ng Metro Manila ang asawang si Imelda, at ang anak na si Imee bilang *national chairman* ng Kabataang Barangay. Itinalaga rin ang mga kamag-anak ng kanyang asawa sa iba't ibang posisyon sa kanyang gubyerno. Sa panghikayat ng kanyang among imperyalis-mong US, pinalaki ni Marcos ang lakas-tauhan ng AFP tungong 250,000 at 50,000 na paramilitar na CHDF. Pinagsilbi ito para sa interes ng kanyang naghaharing paksyon at ng amo niyang imperyalismong US sa walang hadlang na pananatili ng mga base militar at pagpapatupad ng mga dikta ng IMF at World Bank.

Gamit ang kanyang awtokratikong kapangyarihan, minanipula ni Marcos ang mga kumpanya at proyekto ng gobyerno, dayuhang utang, kita sa pag-eksport ng mga produkto, pondo ng estado, at pang-aagaw ng negosyo na ibinigay sa kanyang kapamilya at mga kroni. Kabilang sa kanyang masisibang mga kroni ay si Enrile, Danding Cojuangco, Lucio Tan, Ongpin, Floirendo, J.Y. Campos, Cuenca, Benedicto, at iba pa. Sa rehiyon ng Ilocos-Cordillera, naagaw ni Marcos ang negosyo ng tabako sa Ilocos na hawak ng pamilyang Crisologo at ipinasakamay sa kanyang kroni na si Lucio Tan. Sa loob lang ng maigsing panahon, naging pinakamayaman at pinakamapagsamantalang pangkating paksyon ng naghaharing uri ang kanyang pamilya at mga kroni. Sa loob lang ng maigsing panahon, nagkamal ng malaking kayamanan ang diktadura at nalampasan ang yaman ng dating mayaya-mang mga pamilya sa bansa na tulad ng mga Zobel, Ayala, Roxas, at Soriano.


Lucio Tan

Sukdulang kasakiman ang walang-awat na pagdambong ng pangkating Marcos sa likas na yaman ng bansa. Nakopo ng kroning si Herminio Disini ang 198,975 ektaryang konsesyon ng *logging* ng kanyang kumpanyang Cellophil Resources Corporation sa kabundukang saklaw ng Abra, MP, at Kalinga-Apayao. Hawak naman ni Enrile ang Taggat Industries na naghakot ng milyon-milyong tonelada ng troso mula sa libo-libong ektaryang kagubatang saklaw ng Apayao at Cagayan. Bundat din ang grupo ni Roberto


DANGADANG
REBOLUSYONARYO A DYARYO TI UMILI TI AMIANAN-LAUD A LUZON

Ang *Dangadang* ay rebolusyonaryong dyaryo sa Hilagang-Kanlurang Luzon sa patnubay ng **Partido Komunista ng Pilipinas**. Inihahayag dito ang mga balita sa mga aksyon ng Bagong Hukbong Bayan at pakikibaka ng mamamayan gayundin ang pagsusuri sa mga isyung kinakaharap ng mamamayan.

Bukas ang *Dangadang* sa anumang tanong, puna, mungkahi, koresponsal at pangkulturang likha upang mapaunlad ang nilalaman.

Pagtulungan nating paunlarin ang *Dangadang*. Ang sampung pisong halaga ng dyaryo ay malaking tulong upang suportahan ang pagpapatuloy ng paglabas nito.

# $26 Bilyon

***dayuhang utang ng diktadurang Marcos na nagbaon sa bansa hanggang sa pagkakapatalsik sa kanya noong 1986***

Ongpin sa pakinabang nang makontrol ang malakihang operasyon ng mina ng ginto, *copper* at iba pang *metal ores* ng Benguet Corporation, Inc., Lepanto at Philex sa probinsya ng Benguet.

Kabaligtaran sa ipinagyayabang ng pamilyang Marcos na napaganda ang buhay ng mga Pilipino, nasadlak ang mamamayan sa malaganap na kahirapan dahil pinalubha nito ang malapyudal na ekonomya ng bansa. Panlilinlang ang paglikha ng ilusyong may reporma sa lupa sa pamamagitan ng pagpapailalim ng ilan-daang libong ektarya sa sistema ng pirming upahan (fixed rent) na mas mabigat pa nga sa mga kasamá kaysa sa dating partihang nakabatay sa aktwal na ani. Ang katotohanan, ang kanyang programang pekeng reporma sa lupa ay pakunwaring naglipat ng 2,300 ektarya sa mga kasamá samantalang nakapagtipon ang gahamang si Marcos at ang kanyang mga kroni ng daan-daang libong ektarya ng lupa. Sa halip na malayang makapagbungkal, maraming pamilyang magsasaka ang napalayas sa kanilang sakahan at tirahan dahil sa mabangis at malawakang operasyong militar at pagtatayo ng mga magarbong mga proyektong pangturismo, imprastruktura, mga negosyo at iba pa. Isa dito ang pag-agaw sa 355-ektaryang lupain ng mga Ibaloi upang pagtayuan ng Marcos Park sa Taloy Sur, Tuba, Benguet na nagpalayas ng 81 pamilya. Dekada 70 nang itayo ang Magat Dam, 4,460 ektaryang lupaing agrikultural sa hangganan ng Ifugao at Isabela ang nalubog sa tubig kung saan 227 pamilyang Ifugao ang nawalan ng kanilang nga tahanan at sakahan.

Ang dayuhang pamumuhunan sa Pilipinas ay hindi nag-angat sa bansa mula malapyudalismo tungong kapitalismong industriyal, kundi inilugmok nito sa mas malalang klase ng malapyudalismo. Ipinako ng diktador ang bansa sa kalagayang tagapag-eksport lang ng mga produktong agrikultural at mga batong minerales at taga-angkat ng mga manupakturang kala-kal mula sa mga imperyalistang bansa at tagasalo ng sobrang kapital sa anyo ng utang.

Inilubog ng diktador sa dayuhang utang ang bansa na umabot sa $26 bilyon hanggang sa pagkakapatalsik sa kanya noong 1986. Ginamit ito pangunahin para tustusan ang mga pakitang-gilas na mga imprastruktura na batbat ng korapsyon, mga gatasang korporasyon ng estado at pribadong mga negosyo ng kanyang mga kroni at todong pagnanakaw ng kanyang mismong pamilya. Hanggang ngayon, patuloy na pinapasan ng mamamayan ang pagbabayad sa gabundok na utang na napakalaki ng ipinapatong na mapang-usurang interes. Ang kita naman mula sa buwis ng mamamayan, ayudang militar at ekonomiko ng US, ay ibinuhos ng diktador sa kanyang ministri ng depensa na pangunahing nakatuon sa pagsupil sa mamamayan.

Sa mahigit isang dekada ng matinding brutalidad at terorismo ng rehimen, hindi napigilan ng tiranong pangkating Marcos ang paglakas ng armadong pakikibaka. Mas lalo pang nakapaglatag sa buong bansa at lumaki ang Bagong Hukbong Bayan na inambisyon niyang durugin





Bagong Hukbong Bayan

habang bubot pa. Lumawak ang pakikidigmang gerilya sa buong bansa. Lumaganap din ang malawak na ligal na demokratikong kilusang masa sa buong Pilipinas kabilang na dito ang magiting na pakikibaka ng nagkakaisang mamamayang Cordillera laban sa Chico Mega Dams at Cellophil Resources Corporation. Ang mga pagtatangka nitong makapanatili sa kapangyarihan at gawing lehitimo ang kanyang pasistang rehimen sa pamamagitan ng mga dinayang mga asembliya ng mamamayan, reperendum, eleksyon at plebisito, ay ibayong naglantad sa kanyang mga hokus-pokus na pakana para linlangin ang mamamayan. Dumagundong ang saklaw pambansa na kilusang boykot na lubhang naghiwalay sa rehimen sa dumaluyong na anti-diktadurang nagkakaisang hanay.



Hen. Fidel V. Ramos at Juan Ponce Enrile

Inuga ng paglaban ng taumbayan ang makahayup na paghaharing militar sa gitna ng lumalalang krisis ng pandaigdigang kapitalistang sistema. Bumagsak ang kita ng bansa mula sa eksport, nabangkarote ang mga kumpanya ng estado at ng kanyang mga kroni, at humigpit ang mga kundisyon sa pangungutang. Naging litaw ang diskuntento sa hanay ng mga upisyal at tauhan sa loob ng kanyang berdugong AFP dahil sa kanilang mababang sweldo, matinding kabulukan sa militar at korapsyon na kinokopo ng kanilang matataas na opisyal habang sumasama ang kalagayan ng ekonomya sa loob ng bansa. Nabuo ang Reform the AFP Movement, isang pangkat ng mga junior na mga opisyal na anti-Ver sa loob ng AFP. Sinuportahan ito nina Enrile at Ramos na parehong hindi kasundo ni Ver. Nagkaroon ng bitak at tuloy-tuloy na lumala ang hidwaan sa kanyang sariling pangkatin na hindi na nalutas ng diktador.

Malaking pag-kakamali ng teroris-tang Marcos ang pagpapatay niya kay Ninoy Aquino na kumakatawan sa konserbatibong oposisyon nang umuwi ito mula sa pagkadistyero sa US noong Agosto 21, 1983. Ikinabahala ni Marcos na masasamantala ni Aquino ang kumukulong sosyo-ekonomikong krisis sa bansa upang pagkaisahin ang oposisyon, makipagkaisa sa pwersang pambansa-demokratiko at makapagtamo ng dominanteng suporta ng US. Lalong nag-alab ang galit ng mamamayan at naganap ang ispontanyong pagsambulat ng pampublikong paglahok sa wala pang katulad na sustinidong aksyong masa sa buong bansa sa ilalim ng mga masaklaw na anti-Marcos na organisasyon at alyansa.



Sen. Benigno 'Ninoy' Aquino Jr.

Ikinabahala na ng imperyalismong US ang takbo ng mga pangyayari ng matinding pagkakahiwalay ng kanilang pangunahing papet. Pinresyur nila si



MALAYA

The national people's newspaper

MARCOS FLEES

Leaves via Clark Air Base for unknown destination

AQUINO SETS UP GOV'T

United States recognizes Aquino gov't

Marcos na mag-patawag ng *snap election* dahil kung hindi siya papayag, ipagkakait ng US ang pondong mula sa ibang bayan o kaya ay mahihirapan siyang pangasiwaan ang mga disgustadong upisyal ng AFP. Kaakibat nito, kinausap ng mga ahente ng US ang mga pamilyang Cojuangco-Aquino para patakbuhin si Cory sa pagkapresidente bilang mas mabangong reserbang kabayo na ipapalit sa mabahong diktador at may malubhang sakit na si Marcos. Naganap ang *snap presidential election* noong Pebrero 1986 at natalo si Cory sa bilangan. Lumaganap ang galit ng taumbayan sa pandaraya ni Marcos sa halalan. Nanawagan si Cory ng *civil disobedience* bilang protesta sa dayaan. Nagkudeta naman ang pangkating Enrile – Ramos noong Feb 22, ngunit nasansala ng pangkat nina Ver at nagkasa ito ng mabangis na kontra-atake laban sa pwersang nagkudeta na nasa loob ng Kampo Aguinaldo. Sa harap ng napipintong pagdanak ng dugo, nanawagan sina Ramos at Enrile ng suporta ng mamamayan bago sila lumipat sa Camp Crame. Tumugon ang simbahang Katoliko at nanawagan sa mamamayan si Cardinal Sin sa pamamagitan ng Radio Veritas na lumabas ang taumbayan at harangan ang mga lansangan para protektahan sina Ramos at Enrile.




*Ferdinand Marcos na bumababa sa eroplano sa Pearl Harbor, Hawaii (1986)*

Naganap ang po-pular na ispontanyong anti-Marcos, anti-pasistang pag-aalsa ng masa sa Metro Manila at mga probinsya. Umabot sa dalawang milyong mamamayan ang nagtipun-tipon sa EDSA at iba pang mga lugar para hadlangan ang pwersa ng Marcos *loyalists* na kuyugin sina Enrile at Ramos. May pwersa ring lumusob para paligiran ang Malacañang hanggang tumakas si Marcos noong gabi ng Pebrero 24, 1986.

Sa tulong pa rin ng kanyang imperyalistang amo, isinakay sa mga helikopter ng US ang pamilyang Marcos kasama ang mga pinakamasugid nilang mga alipores. Itinakas sila papuntang Clark Air Base, at mula dito lumipad patungong Guam at dumiretso sa Hawaii. Sa Hawaii nanatili ang mga Marcos kung saan namatay ang diktador hanggang sa pagbalik nila sa Pilipinas.




Nang lumisan sa Pilipinas ang mga Marcos, sakay ng 2 eroplano ang dala nilang 23 na malalaking kahong yari sa kahoy, 12 maleta, 70 kahon at mga bag, $9 milyong halaga ng *cash*, alahas at *bonds*, ₱27 milyon na bagong imprentang pera, 24 *gold bars*, 413 pirasong iba't-ibang alahas. Maliban pa ito sa kanilang mga nabiling 50 ari-ariang




lupa at mga gusali sa New York, New Jersey at Connecticut sa US. Nakaimpok na sa iba't ibang bangko at mga institusyon sa pamumuhunan sa labas ng bansa ang aabot sa $15 bilyon na ninakaw nila sa mamamayang Pilipino.

Mula nang mapabagsak si Marcos, patuloy na lumala ang krisis sa bulok na sistemang kanilang pinaghaharian. Ang mga pumalit na mga paksyon ng naghaharing uri mula kay Cory Aquino, Ramos, Estrada, Arroyo at Aquino III ay pawang mga nag-aastang demokratikong mga rehimen. Wala silang kaibahan kay Marcos sa pagtataguyod ng makauring diktadura ng uring burgesya kumprador, panginoong maylupa at burukrata kapitalista para sa kanilang makauring interes at sa amo nilang imperyalismong US laban sa mamamayang Pilipino. Pagkukunwaring demokratiko lamang ang gayak para maging kapani-paniwala sa taumbayan ang pagpapanumbalik ng demokrasya matapos mapabagsak ang paghaharing diktador. Lubos na kasalungat ang kanilang interes sa rebolusyonaryong adhikain ng mamamayan para sa pambansang kasarinlan, demokrasya ng mamamayan, panlipunang hustisya, pang-ekonomiyang pag-unlad batay sa tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon, pagpapalawak ng panlipunang serbisyo, pambansa, syentipiko at pangmasang kultura at independenteng palisiyang panlabas.

Habang nasa distyero sa Hawaii mula 1986, ang mga miyembro ng dinastiyang Marcos ay gumawa ng samu't-saring maniobra at diskarte upang maiwasan ang pananagutan nila sa mamamayan. Plinano nila ang pagbabalik sa bansa at makapanumbalik sa kapangyarihan magkano man ang kapalit. Nagkaroon nga ng kaganapan ang kanilang mga balakin. Sa tulong ng dating mga kroni, impluwensya, at bisa ng nakaw na kayamanan, nakabalik sa Pilipinas ang mga Marcos noong 1991. Nagbalangkas na naman sila ng panibagong buktot na pakana upang burahin sa isipan ng mamamayan, laluna ng mga kabataan, ang kanilang mga kasalanan sa bayan. Nais nilang punasan maging ang mga bakas ng kanilang mga krimen at palabasing ang panahon ng pasistang diktadura ang pinakamagandang pangyayari sa kasaysayan ng bansa. Nakabalik bilang congresswoman ng Ilocos Norte si Imelda,



din ang mga pinsan nilang mga Keon at Barba. Sa kasalukuyan ay tatakbo rin ang anak ni Bongbong Marcos na si Sandro Marcos bilang kongresista. Sa kabilang banda, ang kanilang pang-ekonomiyang kapangyarihan - mga negosyo, sapi sa mga malalaking kumpanya at pamuhunan ay nakabase sa labas ng Ilocos Norte at sa labas ng bansa.

naging bise-gubernador at gubernador ng Ilocos Norte si Bongbong Marcos. Pumalit bilang gubernador si Imee Marcos nang nag-senador naman si Bongbong samantalang nanatiling congresswoman si Imelda hanggang 2019. Tumakbo bilang bise-presidente si Bongbong sa eleksyong 2016 pero natalo. Naging senador si Imee noong 2019 sa pagtangkilik ng padrino nilang si Digong. Patuloy nilang dinodominahan ang pulitika sa Ilocos Norte sa kasalukuyan sa pamamagitan ng pagpupuwesto ng kanilang mga kapamilya tulad ni Matthew Manotoc na anak ni Imee Marcos na ngayon ay gubernador. Nandiyan

Nang muling nakapwesto sa burukrasya, balik dating gawi sila sa patuloy na pag-nanakaw sa kaban ng bayan at panlilinlang sa pinagsasamantalahan at inaaping mga masa. Tuloy pa rin ang kanilang maruming laro sa pulitika, sa saliw ng sintunadong musika ng reaksyonaryong eleksyon, walang kahihiyang nag-rigodon ang dinastiya ng mga pinakatiwaling burukrata kapitalista. Habang nag-uumapaw ang pagwawaldas sa pondo ng bayan sa mga *birthday*, pista, magastos na bilihan ng boto sa eleksyon, at iba pang walang katuturang paggasta, nananatiling kabilang ang Ilocos Norte sa pinakamahihirap na probinsya ng bansa. Sa 2022 eleksyon, tatakbo si Bongbong sa pagka-presidente para sa ultimo nilang kamuhi-muhing pangarap na makapanumbalik sa Malacañang!

| Pagpapahirap ng pasistang diktadurang Marcos sa mamamayan | |
|---|---|
| Pinalayas sa kanilang tahanan at bukirin (pinakamarami ay mga Moro sa Mindanao) | **3 milyon** |
| Pwersahang dinukot na hindi na inilitaw | **3,257** |
| Pinatay | **150,000** |
| Nasugatan sa mga operasyong militar | **160,000** |
| Tinortyur (pinakamababang bilang) | **35,000** |
| Ikinulong (pinakamababang bilang) | **70,000** |
| Pekeng pagpapasuko (NPA at MNLF) | **Daan-daang libo** |
| Bilang ng dokumentadong biktima ng paglabag ni Marcos sa mga karapatang pantao | **10,000** |
| Bilang ng nakaranas ng matinding gutom | **4 – 5 milyon** |
| Masaker | **Marami** |
| Bilang ng mahirap – 2 sa bawat limang Pilipino | **44.2 % ng populasyon Mahigit 37 milyon** |

# ILANG MGA KRIMEN NG DIKTADURANG US-MARCOS SA CORDILLERA

**Sa pamamagitan ng mga proyektong Chico Dam, binalak lunurin ng diktadurang Marcos ang mamamayan ng Kalinga at Mountain Province**

Ang planong pagtatayo ng Chico Dam sa Kalinga at Mountain Province ay isang matingkad na krimen ng diktadura laban sa mamamayan ng Cordillera. Ang nasabing proyekto ay kabilang sa Eleven Major Industrial Projects na popondohan ng utang mula sa World Bank sa halagang $640 bilyon. Saklaw nito ang pitong mga munisipyo ng Kalinga at Mountain Province sa gilid ng ilog Chico. Planong itayo ang Dam 1 sa Sabangan, Mountain Province; Dam 2 sa Betwagan, Sadanga; Dam 3 sa Basao, Tinglayan at Dam 4 sa Sityo Tomiangan, Dupag, Tabuk. Kung hindi nilabanan ng mamamayan at naituloy itong naitayo, aabot sa mahigit 3,500 ektarya ng mga lupaing ninuno ang nalubog, at 108,000 na mamamayan sa Kalinga at bahagi ng Mountain Province ang napalayas sa kanilang lupang ninuno.


Upang pilitin ang mamamayang sumang-ayon dito, pangunahing taktikang ginamit ng diktadura ang pasistang pandarahas sa mamamayan. Malaking bilang ng Philippine Constabulary (PC) at mga Engineering and Combat Battalions ng Philippine Army (PA) ang nagsilbi bilang bantay sa pagpapatayo ng nasabing proyekto. Tampok ang karahasan ng mga sundalong pinamumunuan ng mga pusakal na opisyal na gaya nina Lt. Virgilio Aspric at Lt. Leodegario Adalem noong kalagitnaan ng dekada 70 hanggang sa mga unang taon ng dekada 80.

Naranasan mismo ni Ka Chito, na nagmula sa isang baryong nasa tabi ng Ilog Chico, ang panghaharas ng mga militar noong siya'y 14-taong gulang pa lamang. "Naglalakad ako noon sa Cagaluan Gate pauwi sa aming baryo nang pinatigil ako ng mga sundalo. Dinala ako sa detatsment, pinaghubad at binugbog habang tinatanong kung totoo nga bang may mga NPA sa lugar namin. Ilang oras nila akong ininteroga bago ako pinalabas." Sariwa pa rin sa alaala ng ilang mga magsasaka ang pangalan ni Lt. Aspric. Ayon kay Nito, isang magsasakang nakasaksi rin sa abuso ni Lt. Aspric noong siya'y 15-taong gulang pa lamang, "Grabe ang karahasan ng Aspric na iyan. Maski mga kabataan na nangingisda sa ilog ay hinuhuli nila. Kinakasahan kami ng baril o basta na lang pinapaputukan." Niransak rin ng mga sundalong PC ang mga kabahayan at ninakaw ang kanilang mga alagang hayop. Pinilit rin ang mga residente sa maraming baryo sa Cordillera na isuko ang kanilang mga armas na ginagamit nila sa pangangaso at pangdepensa sa kanilang lugar. Mahigit 100 na lider-masa na nagdala ng petisyon ng mamamayan sa Maynila ang inaresto at ikinulong sa Camp Olivas noong 1977. Upang takutin at dahasin ang mamamayan, naisagawa ang unang malaking operasyong laking-dibisyon na ginamitan ng 6 na batalyon (GHQ, 41st IB, 45th IB, 48th IB, MBLT-6, at



*Chico river*

Philippine Constabulary, na tinawag na Oplan Chumanchil sa hangganan ng Kalinga-Mountain Province noong Abril hanggang Disyembre 1984.




Nagpalaganap ng pang-iintriga, paninira at panlilinlang sa hanay ng mga tribu ang Presidential Assistant for National Minorities (PANAMIN) na pinamunuan ni Manuel "Manda" Elizalde na sagad-sagaring tauhan ni Marcos upang ipilit ang mga mapandambong at mapanirang na mga proyekto sa mga pambansang minorya ng Cordillera. Naging makinarya rin ang itinayo nilang Kalinga Special Development Region (KSDR) sa panlilinlang at panghahati sa mga tribu. Tinangka rin nina Elizalde na suhulan ang maraming lider ng mga tribu, katulad ni Macliing Dulag.

Ginamit ni Elizalde ang nalinlang na tribu kontra sa mamamayang lumaban sa pagtatayo ng mga dam. Sinulsulan at binigyan nito ng 50 na ripleng Garand ang tribung Basao upang gamitin laban sa tribung Butbut at iba pang tribung malakas ang paglaban kontra sa pagtatayo ng dam. Si Elizalde rin ang nagbuo sa tinawag na "Kalinga Trainees" o tinawag na Coy 114 ng PC, ilang mga yunit ng Integrated Civilian Home Defense Force (ICHDF) na nagsagawa ng maraming mga pang-aabuso at pandarahas sa mamamayang lumalaban sa pagtatayo ng dam.

Dahil hindi matibag ang oposisyon ng mamamayan kontra sa pagtatayo ng dam, pinaslang ng mga militar mula sa 44th IB sa pamumuno ni Lt. Leodegario Adalem ang kinikilalang lider-tribu na si Macliing Dulag sa kanyang bahay sa Bugnay, Tinglayan noong Abril 24, 1980. Dalawang trak ng mga militar ang dumating sa Bugnay nang gabing iyon at hinanap sina Macliing at Pedro Dungoc. Pilit na pinapalabas ng mga militar si Macliing Dulag at sinabing may pag-uusapan lamang sila. Tumanggi si Macliing at sinabing bumalik na lamang sila kinabukasan. Pinaulanan ng mga militar ng bala ang kanyang bahay na nagresulta sa kanyang agarang pagkamatay. Sampung tama ng bala sa iba't ibang bahagi ng kanyang katawan ang kanyang tinamo. Kasabay din nito ay pinaputokan ang bahay ni Pedro Dungoc na kapitbahay ni Macliing na nakasugatan nito pero nakayanan pa rin niyang tumakas.


*Cordillera Heroes Marker*

Nagpaalab ito sa galit ng mamamayan na nagtungo sa pagsasagawa ng mas malalaki pang kilos protesta at armadong paglaban sa pagtatayo ng dam at sa mga abuso militar. Patuloy na nanindigan ang maraming tribu at komunidad ng Kalinga at Mountain Province upang ipagtanggol at ipaglaban ang kanilang karapatan at ari-arian kaya naharangan nila ang pagtatayo ng nasabing proyekto.

## Inagaw at dinambong ni Disini na kroni ni Marcos ang lupain ng mga taga-Cordillera


Herminio Disini

Taong 1969 nang itinayo ni Herminio Disini, isang kroni ni Marcos, ang Herdis, Inc, isang grupo ng mga kumpanya na kinabibilangan ng mga kumpanya sa *logging* na Cellophil Resources Corporation. Ang nasakop ng pagtotroso ng CRC ay aabot sa 198,975 ektaryang lupain sa Cordillera at bahagi ng Ilocos Norte. Sa Abra, sasaklawin ng konsesyon ang mga kagubatan sa Tineg, Malibcong, Lacub, Boliney, Bucloc, Daguioman, Sallapadan at Tubo; sa Kalinga, sasaklaw ito sa mga munisipyo ng Balbalan at Pasil; sa Mountain Province ay sasaklaw ito sa mga munisipyo ng Sagada, Besao, Bontoc at Sadanga; sa Ilocos Norte ay sumaklaw ito sa bahagi ng Nueva Era, Marcos at Solsona. Inagaw rin ng CRC ang 55 ektaryang lupain sa Mudiit, Dolores at 60 ektarya sa Gaddani, Tayum mula sa mga magsasaka sa pagtatayo ng *log pond* at *processing plant.*

Sa simula pa lamang ng operasyon, agad na tinutulan ng mamamayan ang proyektong ito dahil sa pang-aagaw sa lupang ninuno. Maliban pa ito sa mga aktwal na epekto nito gaya ng pagkakalbo ng malalawak na kagubatang pino, mga pagguho ng lupa, pagkasira ng mga palayan sa tabi ng ilog at pagpapalayas sa mga mamamayang maaapektuhan.

Upang kontrolin ang mga lokal na gubyerno, mga tauhang sunud-sunuran sa diktadura at sa CRC ang pinaupo. Pinaalis si Garino Balbin at ipinalit bilang gubernador ng Abra si Arturo Barbero, anak ng noo'y Undersecretary of Defense na si Carmelo Barbero noong Setyembre 1977. Pinalitan rin ang mga mayor sa limang munisipyo ng Abra (Tubo, Tineg, Malibcong, Bucloc at Langiden) na erya ng operasyon ng CRC. Sa munisipyo ng Tineg at Malibcong, si Capt. Alfredo Cuyupan ang ipinuwesto upang direktang makontrol ang munisipyong ito na pangunahing erya ng operasyon ng CRC.

Pasismo ang naging pangunahing paraan ng diktadura upang maagaw ang lupain ng mamamayan. Ipinuwesto ang isang kumpanya ng Presidential Security Command sa Tayum, Abra para magbantay. Ipinailalim sa militarisasyon ang maraming munisipyo ng Abra at Mountain Province. Nagrekrut rin ng mga magiging Civilian Home Defense Forces (CHDF) sa Tineg at iba pang katabing munisipyo sa Hilagang Abra. Ipinagbawal ang mga pagtitipon sa komunidad at puwersahang pinagtrabaho ang mamamayan nang walang suweldo sa mga kalsada at tulay. Tinawag na 'subersibo' at 'kontra-gubyerno' ang paglaban sa CRC. Sa Sallapadan, tinatakot ang mga taong-simbahan at pilit silang pinapakuha ng permit sa tuwing magmimisa sila. Umabot sa 120 na Tingguian ang hinuli at ikinulong dahil sa kanilang mahigpit na pagtutol sa operasyon ng CRC. Ilang magsasaka ang tinortyur at pagistraping sa mga baryo ng Bucloc. Pinakamalala rito ang pagmasaker nina Captain Beredo sa siyam na magsasaka, kabilang ang isang buntis, sa mga baryo ng Tubo. Napilitang magbakwit ang ilang baryo ng Tubo dahil sa naranasang matinding militarisasyon.


Cellophil Resources Corporation (CRC)

## Sa karumal-dumal na Tubo massacre, ang berdugong diktador na si Marcos ang dapat panagutin

Ang masaker sa Tubo, Abra, na naganap noong unang linggo ng Mayo 1983 at ikinamatay ng siyam na sibilyan kabilang ang isang bata, ang isa sa pinakamalagim na karanasang sinapit ng mamamayan ng Abra noong panahon ng diktadurang US-Marcos. Naganap ang masaker sa kalagitnaan ng magiting na paglaban ng mamamayang Tingguian sa kumpanya ng logging, na Cellophil Resources Corporation (CRC), na sumalanta sa malawak na kagubatan ng Abra. Kabilang ang tribong Maeng na mamamayan ng Tubo at Luba sa mga lumaban sa CRC.

Mistulang nagwawalang mga asong ulol ang mga sundalo sa ihinasik nilang karahasan sa limang baryo sa loob lamang ng limang araw mula May 4 hanggang May 8. Maliban sa siyam na pinatay na sibilyan, maraming kalalakihan ang binugbog, kinulata at pinagpapalo ng kahoy; sinunog ang ilang kabahayan at agamang; ninakawan ang mga kabahayan at sari-sari store ng pera, mga paninda, manok, itak at iba pang mga kagamitan ng masa; at napabakwit ang mamamayan ng limang barangay.

Pumasok sa lugar noong May 4, 1983 ang mga pwersa ng 623rd Company ng Philippine Constabulary (PC) sa pamumuno ni Captain Ambrocio Beredo at Lt. Juanito Poyoan kasama ang ilang CHDF na ginamit bilang mga gayd. Una nilang pinasok ang sitio Dakuag at sitio Caocaoayan ng Barangay Tiempo noong May 4. Sampung araw bago pumasok sa Dakuag, hinuli nila sina Willy Sabino at Mitodio Padakis. Pagdating sa ilog sa tabi ng Dakuag, pinagbabaril nila ang mga ito at ipinatapon ang dalawang bangkay.

Pagdating nila sa Caocaoayan, nadatnan nila si Anselmo, isang 23-taong gulang na magsasaka mula Dakuag. Binugbog at kinulata nila ito at matapos ay hiniwa ang kanyang tenga at ipinunas ang dugo sa kanyang bibig. Nakatakbo si Anselmo patungong Kili pero sinundan sya ng mga sundalo.

Alas singko ng umaga ng May 5 nang kinubkob ng mga sundalo ang Kili. Pwersahang pinasok nila ang lahat ng kabahayan at binugbog, kinulata at pinagpapalo ang kalalakihan. Nirikisa nila ang mga bahay sa pagdadahilan na naghahanap sila ng mga baril at bala na ipinatago ng NPA. Pero ang ginawa nila'y nagnakaw ng mga manok, pera, itak, damit, kumot at iba pang kagamitan. Pagkatapos ay inipon ang lahat ng mamamayan sa baryo at dito'y ipinagpatuloy ang pambubugbog, pangungulata at pagpalo sa kalalakihan habang pinagtutulak, pinagsisipa at pinagsasampal naman ang mga kababaihang nagtangkang humadlang sa karahasang ginagawa ng mga sundalo sa mga kalalakihan. Hinuli nila ang dalawang sibilyang taga-Caocaoayan at dinala ang mga ito sa Luba at doo'y ikulong.

Bago sila umalis, nagbanta si Capt. Beredo na sila ay maglulunsad ng tuloytuloy na operasyon sa lugar sa loob ng anim na buwan. Pagkatapos ay pwersahang kinuha ng mga sundalo ang siyam na sibilyan na pilit na pinag-gayd patungong Apatan at Beew. Sa daan ay




nasalubong nila si Rosendo na taga-Beew na papunta sana sa Kili. Hinuli nila ito at agad na ginapos at pinagbubugbog at pagkatapos ay pilit na isinama patungong Apatan at Beew. Pagdating sa Apatan, muling nandahas ang mga sundalo sa mga mamamayan doon, kabilang ang isang babaeng may diperensya sa pag-iisip. Pinagsisipa at dinuraan nila ang mga kalderong may laman na tubig, kanin at iba pang pagkain. Sinira nila ang isang bahay na pagmamay-ari ng isang pinaghinalaan nilang NPA. Hinabol nila ang isang kalabaw hanggang sa ito'y mahulog sa isang bangin at namatay. Sa daan, patuloy nilang pinagbubugbog ang dala nilang sampung sibilyan.

Alas tres ng madaling araw ng May 6 nang pumasok ang mga PC sa Beew. Dumiretso sila sa bahay ni Konsehal Rodolfo Labauig at ito'y agad na tinutukan ng baril, hinuli at ginapos. Sunod na pinuntahan ang bahay ni Magayam Cayandag. Walang habas na pinaputokan nila ang bahay kung saan natamaan at agad na namatay ang apat na taong gulang babae na anak nila Magayam at Josefina. Nakatalon sa bintana si Magayam at nakatakas. Agad na pinasok ng mga sundalo ang bahay at nadatnan ang tatlong buwang buntis na si Josefina Cayandag na akay-akay ang anak na namatay. Agad nilang pinalo ang ulo nito at pinagkukulata. Matapos ay hinampas ng tabla ang kanyang tiyan bago nila inapak-apakan hanggang siya ay namatay. Tuluyan na ring pinatay ng mga PC si Konsehal Rodolfo. Pagkatapos nito ay sinunog ang tatlong bahay at isang agamang, kasama ang tatlong bangkay.

Pinasok nila ang iba pang mga kabahayan, kinuha ang mga lalaki, kinulata at pinagpapalo ng kahoy ang mga ito. Sinunog nila ang isa pang bahay. Sa gitna ng kaguluhan, nakatakas ang ilan sa mga sibilyang dala-dala ng kaaway mula Kili kabilang si Rosendo. Lalong nagwala ang mga sundalo at ipinagpatuloy ang pambubugbog, pangungulata at pagpalo sa bawat kalalakihang nadadatnan nila sa mga bahay na pwersahang pinasok. Sinikap ng mga kababaihang hadlangan ang mga sundalo subalit ang mga ito'y marahas na itinulak, pinagsisipa at pinagsasampal. Pinwersa nila ang bawat pamilya na magbigay ng mga manok at pinwersa nila ang kapitan na magkatay ng aso.

Pagsapit ng liwanag, inipon ng mga PC ang lahat ng tao sa plaza ng komunidad. Pinalinya ang lahat ng mga lalaki, inisa-isang ininteroga habang binubugbog at kinukulata ang mga ito sa harap ng buong mamamayan ng komunidad. Kasabay ay pinagsisigawan ang mga mamamayan at tinakot sila na susunugin nila ang buong baryo. Matapos ang ilang oras ng pambubugbog at pangungulata sa mga kalalakihan, umalis ang PC ala una ng hapon. Pinilit nilang isinama si sanggunian Kenyo at kapitan Domingo na ginamit bilang gayd papunta sa Alangtin at Mayabo. Bago umalis, nagbanta ang kaaway na sila'y babalik.


THE BEEW MASSACRE

target area for commercial logging but the Maeng tribe, together with other affected communities, had collectively opposed this project through various means including armed resistance. In response to this, the government conducted military operations to suppress the peoples resistance which has resulted to massive human rights violations. Inspite of this, the people were able to drive away Cellophil and its operation was not able to reach the mo-

May 4 — Dakwag and Cawcawayan

Sa daan papuntang Alangtin, nasalubong nila ang isang sibilyan. Agad itong hinuli at idinagdag na pwersahang ginamit na gayd. Patungong Mayabo, nasalubong naman nila ang isa pang sibilyan na nagngangalan ng Tomas Hinuli siya, binugbog at dinala sa kanilang kampo sa Mayabo kung saan nila ipinagpatuloy ang pambubugbog sa kanya. Dito ikinulong si Tomas at ang iba pang sibilyan na daladala nila.



*mga biktima ng masaker sa Tubo, Abra*

Kinabukasan ay nagbakwit na ang mamamayan ng Kili, Ataki, Apatan, Taleb at Beew. Sa Beew ay tatlong matatandang lalaki na lang na hirap sa paglalakad ang naiwan. Kalakhan ng mamamayan ng komunidad ay nagbakwit sa Bangaan, Sagada habang ang iba ay pumunta sa Mainit, Bontoc at Agawa, Besao sa Mountain Province. May ilang pumunta sa Alangtin, Tubo at Lamag, Quirino, Ilocos Sur. Kalakhan naman ng mamamayan ng Kili ay nagbakwit sa Tiempo, Tubo. Ilang buwan na nakabakwit ang mamamayan bago unti-unting bumalik sa mga komunidad. At nang sila'y makabalik, wala na silang maani sa mga napabayaang palayan. Matinding gutom ang sinapit ng mamamayan.

Mula Mayabo, pumunta ang isang platun ng PC sa pamumuno ni Capt. Beredo sa Likuan. Pagdating ng tropa ni Beredo sa Likuan, pilit nilang kinuha sila councilman Remy Rafael at Mayago Manacdac upang gamiting gayd at pinatay din nila ang mga ito. Nang masalubong naman nila sa gubat si Leon Melencio, isa ring taga-Likuan, pinatay din nila ito. Ilang araw na hinanap ng mamamayan ang bangkay ni Leon at ito'y naagnas na nang matagpuan nila sa gitna ng kagubatan. Pwersahang pinabakwit ng mga PC ang mamamayan ng Likuan. Binantaan sila na kung hindi sila magbabakwit ay bobombahin nila ang baryo at gagawin daw nila itong "no man's land". Karamihan ay nagbakwit sa Amtuagan. Ang iba ay pumunta sa Tiempo, Tubo at sa Baoyan, Boliney. Habang nakabakwit ang mamamayan ng Likuan, nirikisa ng PC ang lahat ng mga kabahayan. Sinunog nila ang ilang agamang, ninakaw ang mga alagang baboy, manok, mga itak, damit at iba pang kagamitan ng mamamayan. Samantala, ang mga mamamayan naman ng katabing mga komunidad ng Ampalioc at Banaao sa Luba ay nagbakwit din patungo sa baryo ng Lusong at Tabangaw ng Luba.

Maraming sibilyan ang hinuli ng PC sa iba't-ibang baryo ng Tubo at Luba, ikinulong at tinortyur sa bintang na sila'y mga NPA o di kaya'y mga *supporter* ng NPA.

Dahil sa matinding karahasan ng mga PC sa Tubo at Luba, naglunsad sila ng isang *rally* sa Manabo upang kumprontahin at singilin ang yunit ni Beredo sa mga kahayupang ginawa nito sa mamamayan. Mahigit limangdaang mamamayan ang naipon sa *rally*. Pero sa harap mismo ng *rally* ay nagbanta ang militar na imamasaker nila ang mga nagpoprotesta, pinagsisigawan at minumura ang mga ito habang nakatutok ang kanilang mga baril at *machinegun* sa mga ito. Pwersahang pinauwi ang mga rallyista at pagkatapos ng *rally*, muling umarangkada ang panghuhuli ng PC sa mga sibilyan. Maraming lider masa pa ang hinuli at ikinulong sa Bangued ng ilang buwan.

## Inagaw ng diktadurang Marcos ang lupang ninuno ng mga Ibaloi

Ang Marcos Park and Resort, Marcos Bust at Marcos Highway ay ipinatayo ng diktadurang US-Marcos sa pamamagitan ng Ministry of Tourism na pinamumunuan ni Jose Aspiras noong 1976-1977 na nasa 355-ektaryang lupain ng mga Ibaloi sa Taloy Sur, Tuba, Benguet. Inagaw ang mga lupaing agrikultural na ito mula sa 81 pamilyang Ibaloi. Mapanlinlang na kinumbinsi nina Gov. Ben Palispis ng Benguet at Jose Aspiras ang mga pamilyang Ibaloi na ibenta ang kanilang lupain sa pinakamababang presyo na hindi na nila maalala kung magkano dahil sa papel na mistulang *cartolina* lang ito naisulat. Dahil hindi pumayag ang mga Ibaloi, puwersahang inagaw, binuldoser at binakuran ang malawak na ansestral nilang lupain. Ang bahagi ng Marcos Highway ay naidugtong papuntang Tuba, Benguet at Baguio City na bumabagtas sa park at resort hanggang sa bayan ng Agoo, La Union. Naidisenyo ang Marcos Highway bilang bahagi ng kabuuang pakete ng proyekto. Sa pinakamataas na bahagi ng park at resort ay naitayo ang malaking rebulto ni Marcos. Ang nasabing rebulto ay naitayo kahalintulad sa Mount Rushmore National Memorial sa South Dakota, United States kung saan naiukit ang mukha ng apat na naging presidente ng Estados Unidos mula sa solidong bato. Ang kataas nito ay katumbas ng isang tatlong palapag na gusali. Malaking halaga ng pondo ng bayan ang nagamit sa pagtatayo ng nasabing proyekto na walang paglalahad ng aktwal na ginastos.



*pinasabog na rebulto ni Marcos*

Nagkaroon ng pagkakataon ang mga magsasakang Ibaloi na bawiin ang kanilang lupa pagkatapos mapatalsik ang diktador noong 1986. Sa tulong ng mga progresibong organisasyon at mga taong-simbahan, militanteng nabawi ng mga magsasakang Ibaloi ang kanilang lupain maliban sa mga bahaging sinaklaw ng Marcos Highway. Sa kabila ng mga pagtatangka ng reaksyunaryong gubyerno na panatilihin sa kanilang mga kamay ang mga naagaw nilang lupa nang dumulog ito sa korte upang kasuhan ang mga magsasaka noong 2001, pinagtibay ang hatol ng *regional trial court* na ibalik ang mga lupain sa mga magsasaka. Kinatigan ng Korte Suprema ang desisyong ito ng nakabababang korte sa pinal nitong desisyon noong 2007. Subalit ang kumpensasyon para sa 10 taong pagkakait sa mga magsasakang Ibaloi ng karapatang bungkalin ang kanilang lupain ay hindi binayaran ng pamilyang Marcos. Ni walang anumang pagsisisi ang pamilyang Marcos sa krimeng ito.

Noong Disyembre 29, 2002, matagumpay na pinasabog ng isang *special operation unit* ng Bagong Hukbong Bayan ang rebulto ni Marcos na nangwasak sa nasabing rebulto. Ang pagpapasabog na ito ay pagbigwas sa simbolo ng isang pasistang diktador. Ang nawasak na rebulto na naiwan sa kasalukuyan ay nagpapaalala sa atin ng madilim na bahagi ng ating kasaysayan na nais ng pamilya ng diktador na baluktutin at ipalimot sa sambayanan sa kampanya nitong makabalik sa Malacañang.

**Nagdusa ang buong mamamayan ng Hilagang Luzon sa ilalim ng tinatawag nilang**

# "SOLID NORTH"


Ferdinand E. Marcos Sr.


Juan Ponce Enrile


Rodolfo Fariñas


Gen. Fabian Ver


Gen. Fidel Ramos


Elias Bulut Sr.


Alfredo Lam-en Sr.

Ang tinatawag na "Solid North" ay binuo ni Marcos bilang alyansa ng mga burukrata kapitalista sa buong Hilagang Luzon bilang mga sunud-sunurang alipores nito. Kakutsaba ang mga ito sa pandarahas, pagsasamantala, pagpapahirap at pagsupil sa karapatan ng mamamayan ng buong Hilagang Luzon. Isinagawa ang mga pangangamkam ng mga lupain, pang-aagaw ng mga negosyo at pandarambong sa kayamanan at kaban ng bayan. Ang mga dinastiya at mga burukratang nabanggit ay pinangunahan nina Ablan at Fariñas sa Ilocos Norte; mga Singson sa Ilocos Sur; Enrile, Mamba, Ting sa Cagayan; Cua sa Quirino; Dy at Albano sa Isabela; Lumauig at Paredes sa Ifugao; mga Dominguez at Lam-en sa Mountain Province; Almazan at Puzon sa Kalinga-Apayao; Barbero at Bernos sa Abra; Palispis at Dangwa sa Benguet; Aspiras at Ortega sa La Union at Agbayani sa Pangasinan.

Maging sa reaksyunaryong armadong pwersa ay mga kamag-anak at karehiyon ang ipinuwesto, tulad nina Hen. Fabian Ver na naging Chief of Staff ng AFP at Hen. Fidel V. Ramos naman bilang hepe ng Philippine Constabulary. Ang dating Congressman na si Juan Ponce Enrile ng Cagayan ay pinaupo bilang ministro ng depensa.

Dahas at pasismo ang ginamit na pamamaraan upang maipuwesto ang kanyang mga alipores. Sa Cagayan, inagaw ni Juan Ponce Enrile ang kontrol sa pulitika at sa negosyong *logging* mula sa katunggaling si Tito Dupaya. Ipinuwesto rin nito ang kanyang mga bataan na gaya nina Afonso Reyno, Manuel Mamba, pamilya Bulaoitan at Antonio Carag sa iba't ibang antas ng lokal na gubyerno sa probinsya. Nakontrol ng Taggat Industries na pag-aari ng kakutsaba ni Enrile na si Alfonso Lim ang *logging* sa daan libong ektaryang kagubatan sa buong Cagayan at Apayao, sa pakikipagkutsabahan ni Elias Bulut Sr. Sa Isabela, buo-buong hinawakan ng pamilya Dy at Go ang negosyo ng *logging* sa kabundukang Sierra Madre na nangkalbo sa malawak na bahagi nito.

Ang pagsasamantala at pang-aaping dinanas ng mamamayan sa Hilagang Luzon ay hindi kaiba sa dinanas ng mamamayan ng buong bansa. Sa kabila ng monopolyong kontrol ng mga burukrata kapitalista, lalong umalab ang pakikibaka ng mamamayan sa mga mapandambong at mapaminsalang mga proyekto, pang-aagaw ng mga lupain, at militarisasyon at iba pa. Ang paglakas ng pakikibaka ng mamayan at armadong pakikibakang pinamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas na isinusulong ng Bagong Hukbong Bayan ay nagpapatunay ng kongkretong paglaban ng mamamayan sa paghahari ng mga burukrata kapitalista sa tinatawag nilang Solid North.

## Ang pasistang paghahari ng traydor at tiranikong si Duterte

Ang tuloy-tuloy na sosyo-ekonomiko at pampulitikang krisis ay higit na lumala nitong nakaraang 60 na taon. Ang bulok at naagnas na katangian ng naghaharing sistema na matalas na nailantad mula pa sa panahon ng pasistang diktadurang Marcos ay muling nabuhay sa anyo ng tiranikong paghahari ng terorismo ng estado ni Duterte. Hindi na nga uubra ang mga demokratikong dekorasyon sa pagpapatakbo ng sistema. Kailangan na ang paggamit ng kamay na bakal at ang tiranong si Marcos ang idolo ng walang kasing lupit na rehimeng Duterte.

Dahil sa sapat na pampulitika at pinansyal na suporta ng mga tiraniko at mga pusakal na mga magnanakaw na mga dinastiya ng mga Marcos, Arroyo at Estrada, nanalong ika-12 na presidente ng papet na republika si Rodrigo Duterte noong 2016. Sa matagal na panahong pagiging mayor ng Davao City bago pa siya nahalal bilang presidente, nagkunwari ang manlilinlang na si Digong na kaibigan ng rebolusyonaryong kilusan. Totoong hindi maitatanggi ang kanyang presensya sa lamay at paglibing kay Kasamang Parago gayundin sa release ng mga POW ng NPA sa iba't-ibang bahagi ng Mindanao. Ipinagmayabang pa niya ang diumano'y pagiging unang "sosyalistang" presidente ng Pilipinas. Ipinangako niya ang pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan para lutasin ang ugat ng gera sibil sa bansa at pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal. Ngunit sa katunayan, ang mga NDF consultants lang na dumalo hanggang sa ikaapat na round ng usapang pangkapayapaan ang kanyang pinalaya. Samantalang marami pang mga matatanda, maysakit at kababaihan sa iba't-ibang kulungan ng bansa ang nanatiling nakadetine. Nang humantong na ang usapang pangkapayapaan sa punto ng reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon na naglagay sa panganib sa interes ng naghaharing uri, kaagad niyang winakasan ang usapan.



Idineklara niya ang martial law at todong gera hindi lang laban sa jihadist na grupong Maute sa Lanao del Sur at Marawi City kundi laban din sa CPP-NPA sa malaking bahagi ng Mindanao. Buong kayabangang pinangalandakan niya ang pagbibigay-wakas sa problema sa iligal na droga sa paraan ng walang habas na patayan ng mga mahihirap na mga pinagdududahang sangkot sa droga na hango sa karanasan ng Davao. Idineklara niya ang Oplan Tokhang – ang pekeng gera sa buong bansa laban sa iligal na droga. Kalaunan ay pinalawak pa ang Oplan Tokhang at isinama na dito ang sinumang pinagdududahang terorista o may ugnay sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Sa Baguio City, Oplan Tokhang ang plano nilang ipatupad na ala-SEMPO na tipo ng *crackdown* laban sa 300 aktibista ng Cordillera na tinawag nilang Tokhang 300.

Katulad ni Marcos, hangad ni Duterte na magkaroon ng absolutong kapangyarihan sa pamamagitan ng lantarang paggamit ng pasistang dahas. Pinalaki niya ang AFP tungo sa mahigit 400,000 lakas-tauhan kung saan 145 batalyon ang nakapakat sa erya ng NPA at 31 batalyon ang itinalaga sa eryang Moro. Pinalaki rin ang paramilitar na pwersa tungong 79,000 na CAFGU. Labas pa dito ang kanyang mga berdugong tirador na *riding in tandem*, mga vigilanteng nakatakip ang mukhang Duterte Death Squads. Gayundin,

pinalaki niya ang PNP, inangat ang sibilyang titulo tungo sa mga militar na ranggo at kasanib sa mga *combat unit* sa mga itinayo niyang *territorial joint task forces*. Itinaas niya ang kanilang sweldo at maraming benipisyo ng mga upisyal at tauhan. Sa ilalim ng programang modernisasyon ng AFP, walang awat ang pangungutang ng utak-pulburang tirano ng mga sobrang mahal at mga pinaglumaang mga kagamitang pandigma mula sa US para sa kanyang kontra-rebolusyonaryong Oplan Kapayapaan-Kapanatagan at Oplan Tokhang na gera kontra droga.

Ipinataw niya ang Executive Order 70 (EO 70) at binuo ang National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC), isang sibil-militar na junta na direkta niyang pinamumunuan at pinangunahan na kinabibilangan ng mga retiradong heneral upang wakasan diumano ang rebolusyonaryong kilusan bago matapos ang kanyang termino. Makapangyarihang pinasusunod sa mga polisiya ng NTF-ELCAC ang buong makinarya ng reaksyonaryong estado sa ilalim ng *whole-of-nation-approach*. Sa layuning buong higpit niyang makontrol at hindi mabitak ang militar tulad sa pinagdaanan ng pasistang makinarya ni Marcos, ginantimpalaan ng teroristang Duterte ang katapatan ng mga pinagkakatiwalaan niyang mga berdugo at mga kawatang heneral. Ipinuwesto sila sa kanyang kabinete at iba pang sensitibong mga pusisyon sa mga ahensya ng gobyerno. Sa pagluklok ng aabot 100 na retiradong mga upisyal ng AFP at PNP sa makakatas na pwesto sa gobyerno, literal na namilitarisa ang burukrasya.

Siniguro ng nagtatapang-tapangang si Duterte sa lahat ng pasistang berdugo ang buong saklaw ng suporta ng upisina ng presidente. Ipinagmalaki niyang aakuhin niya mismo ang responsibilidad sa lahat ng mga kasasangkutan nilang pananagutan sa pagpapatupad ng kanilang madugong krimen. Ginawa niyang mistulang mga pribadong army ang organisasyon ng AFP at PNP na buong tapat na nagpapatupad ng kanyang mga kriminal na atas. Binusog niya ng iba't ibang pabuya at promosyon ang mga upisyal at sundalo batay sa bilang ng napatay na mga inakusahang rebolusyonaryo na itinuturing na terorista, mga inakusahang mga pipitsuging kuryer ng droga, mga mahihirap na addict at napasurender na mga masa. Bundat na bundat ang kasing gutom niya sa yaman na mga heneral sa paglaki ng badyet ng militar, pagnanakaw sa kaban ng bayan, mga suhol at parte sa iligal na transaksyon at *kickback*. Namumutok ang mga bulsa ng mga opisyal ng pulis at militar sa pundo ng Enhanced Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP) sa kampanyang pagpapasuko at Barangay Development Program (BDP) bilang pork barrel sa mga proyektong pang-imprastruktura sa mga baryong nalinis na diumano sa presensya ng mga rebolusyonaryo.

Isinabatas ng tiranong rehimen ni Digong ang Anti-Terrorism Act at itinuring na teroristang organisasyon ang rebolusyonaryong kilusan. Lantarang paglabag ito sa mga batayang prinsipyo ng internasyunal na makataong batas sa lehitimong katayuan, karapatan at katangian ng mga kilusan para sa pambansang paglaya. Tinagurian ding terorista ang lahat ng mga demokratiko at progresibong organisasyon na lumalaban at tumutuligsa sa kanyang tiranikong pamumuno at katiwalian para sa todo largang pagtugis at pag*red tag* sa mga indibidwal, grupo at organisasyon, mass media, mga taong-simbahan at maging ang tradisyunal na oposisyon.






Sa loob ng 5 taon sa kapangyarihan, nalampasan pa ng pasistang brutalidad ni Duterte ang ibang bahagi ng madugong anti-mamamayang rekord ng kanyang idolong si Marcos sa dami ng pinatay, inaresto, pinakulong, minasaker, pinalayas sa mga sakahan at tirahan, binomba at pinasuko.

Kriminal na kapabayaan ang pananagutan ng maton na Duterte mula nang magsimulang kumalat ang COVID-19 sa Pilipinas. Minaliit niya ito bilang ordinaryong trangkaso at pinayagang pumasok sa bansa ang laksa-laksang turista, mga sugarol at mga empleyadong nagpapatakbo ng pasugalan mula China kung saan unang lumitaw ang nakamamatay na *virus*. Nang lumubha ang hawaan sa hanay ng mga Pilipino, ginamit niya ang krisis pangkalusugan para sa mas matitinding pasistang panggigipit sa mamamayan. Sa pamamagitan ng binuo niyang Inter-Agency Task Force on Emerging Infectious Diseases, todong minobilisa ang mga pulis at militar sa mga *checkpoint*. Arbitraryong pagpapatupad ng mga *lockdown, curfew*, istriktong nagpataw ng mga restriksyon sa malayang galaw ng mga mamamayan, at ikinulong sila sa kanilang mga bahay bilang pangunahing hakbang diumano sa pagpigil sa hawaan. Ito ang inuna imbes na isaayos ang pampublikong sistemang pangkalusugan na pangangasiwaan ng medikal na mga ispesyalista, pahusayin ang mga pangkalusugang pasilidad, mga instrumento, gamot at kinakailangang suplay medikal, malawakang libreng testing, pagkwarantina at *contact tracing*, naging pagkakataon pa ito para sa rehimeng tulisan upang nakawin ang pondo para sa gamot at iba pang medikal na kagamitan, bakuna, hospitalisasyon at ayudang kailangang-kailangan ng mamamayan. Naging paborableng oportunidad din ito upang mamalimos ng mga dagdag na malalaking dayuhang utang. Ang mahigit dalawang taong patuloy na pagdami ng impeksyon ang malinaw na patunay sa kainutilan ng kanyang militaristang pagtugon.

Huwad ang kampanyang anti-korapsyon ng walang kasing-*corrupt* na pangkating Duterte, sangkot ang kanyang sariling pamilya, mga upisyal ng militar at pulis, mga alyadong burukrata at mga negosyanteng kroni sa pagdambong sa kaban ng bayan. Pinawalang sala niya sa kanilang krimen ang mga dinastiyang mandarambong at






Dennis Uy

mga alyado tulad ng mga Marcos, Arroyo, Enrile, Revilla, at Estrada at ipinalibing ang diktador na si Marcos sa Libingan ng mga Bayani.

Malalaking negosyo, suplay at mga kontrata sa proyekto ng gobyerno ang napasakamay ng kanyang mga kroni. Pinakanotoryus dito ay si Dennis Uy na nakapagtayo ng bagong mga dambuhalang mga negosyo sa loob ng panunungkulan ni Duterte, tulad ng Udenna Corporation, F2 Logistics Philippines Incorporated, Ditto Telecom at iba pa. Nabili niya mula sa Chevron ang Malampaya Natural Gas Project. Siya rin ang nakakuha ng kontrata para sa pagdedeliber ng mga *counting machines* at *election materials*. Ang hepe ng mga mangungulimbat na si Digong ay pinoprotektahan ang kanyang mga alipores sa kabila ng naghuhumiyaw na mga ebidensya ng pagkakasangkot nila sa katiwalian. Hayagan niyang ipinagtatanggol ang mga korap na opisyal na tulad ni Francisco Duque III ng DOH, si Nicanor Faeldon ng Bureau of Customs, at marami pang iba. Sa paghahabol nito ng panahon para lalo pang magpayaman ang kanyang pamilya, mga kroni sa negosyo at mga militar at burukratang alipores, binangkarote niya ang gobyerno at ang ekonomiya ng bansa na mabilis na pinadapa ng pangkalusugang krisis dulot ng COVID-19. Garapalan niyang ginamit ang samut-saring buktot na mga paraan at nakakasukang pagdadahilan para hindi maisapubliko ang kanyang SALN.

Balatkayo lang ng switik na si Digong ang ipinapakita nitong kunwa'y pagkamuhi sa negosyo ng iligal na droga pero ang katotohanan ay kakutsaba siya ng mga malalaking kriminal na sindikatong Chinese. Kung ang presidente mismo ang pinaka-Lord ng lahat ng *druglord* sa bansa, paano matitigil ang tuloy-tuloy na pagbaha ng *shabu* kahit sabihin pang araw-araw may ibinabalitang milyon-milyon at may panahon pang bilyong halaga ng nasasabat na *shabu*?

Lalong nalugmok sa pagdarahop ang bansa at ang mamamayan sa pinasahol pang pag-*export* ng ilang produktong agrikultural, *mineral ores* at murang lakas paggawa ng mga Overseas Filipino Workers (OFW – mga manggagawang Pilipino sa ibang bansa) na walang mapasukang trabaho sa loob ng bansa. Lahat ng mga pinagmumulan ng



kita ng Pilipinas ay mabilis na bumagsak nang magsimulang nanalasa ang COVID-19 *pandemic*. Natigil ang bentahan ng mga eksport na produkto at daan-daang libong OFW ang umuwi sa bansa nang maisara at mabangkarote ang mga negosyo at kabuhayan sa mga bansang kanilang pinagtatrabahuan. Pangunahing nakasandig pa rin ang Pilipinas sa pangungutang dahil ang prayoridad na programa ng inutil na reaksyonaryong gobyerno ay hindi sustenable. Nakatuon ito sa pagtataguyod sa sektor ng serbisyo, eko-turismo, pagpapalawak ng *real estate* at imprastruktura imbes na seryosong harapin ang pagpapatupad ng tunay na reporma sa lupa at pagpapaunlad ng kanayunan at pambansang industriyalisasyon na siyang magtitiyak sa kabuhayan, trabaho at pag-unlad ng Pilipinas.




Mala-alipin ang katapatan ng pagsunod ng sagad-saring papet na si Duterte sa mando ng kanyang among imperyalismong US sa pagpapatupad ng *neoliberal* na polisiya ng liberalisasyon, deregulasyon, pribatisasyon at denasyonalisasyon sa Pilipinas. Sa ilalim ng liberalisasyon sa agrikultura, bumaha ang mga surplas na agrikultural na produkto na pumasok sa Pilipinas mula sa ibang bansa. Sinabotahe ni Duterte ang produksyon ng pagkain sa pamamagitan ng pagsasabatas ng Rice Tarrification Law para mailusot ang importasyon ng milyon-milyong toneladang bigas mula sa ibang bansa. Nabangkarote ang mga magsasaka sa palayan dahil sa pagbagsak ng presyo ng palay habang nanatili namang mataas ang presyo ng bigas. Kumitid din ang lawak ng lupaing para sa tanim na pagkain dahil sa pangangamkam ng mga lupain para sa ekspansyon ng mga plantasyon ng mga agrikorporasyon, pagpalit-gamit ng lupa para sa ekoturismo at *real estate* at mapaminsalang mga proyekto.

Inilusot din ang importasyon ng daan-daang libong tonelada ng karne sa baluktot na pangangatwirang kinulang ang suplay na karne sa mga palengke na siyang nagdala ng ASF sa bansa. Pinalaki rin ang importasyon ng isda sa napakaistupidong dahilan na tinamaan ng bagyo ang ating malawak na pangisdaan. Totoong malaki ang pagbagsak sa produksyon ng isda ng mga mangingisda dahil sa kainutilan ng duwag at traydor na si Duterte na manindigan kontra sa pang-aagaw ng China sa mga teritoryong pangisdaan ng Pilipinas. Maliban pa sa ligal na importasyon, bumaha rin sa mga palengke sa iba't-ibang bahagi ng bansa ang bilyon-bilyong halaga ng puslit na mga produktong agrikultural tulad ng mga gulay at prutas. Ang lansakang pagpapakatuta ni Duterte ang tuloy-tuloy na pumapatay sa kabuhayan ng mga mamamayang magsasaka at mangingisda. Barya-barya lang ang mga natanggap na ayuda ng mga magsasakang tinamaan ng mga bagyo, baha, tikag, ASF at laluna ang Covid-19, kung meron man. Dahil dito ang Pilipinas ngayon ay naging numero unong *importer* ng bigas at malaking *importer* na rin ng asukal.

## ₱5.7 Trilyon

**_ang inutang ni Duterte, at aabot pa ng higit sa_**

## ₱6 Trilyon

**_sa pagtatapos ng kanyang termino_**

Sumahol pa ang tindi ng kahirapan sa bansa sa lingguhang pagtataas ng presyo ng gasolina at iba pang produktong petrolyo na pinatungan pa ng nakapakabigat na buwis ng estado. Ito ang hindi maitatwang epekto ng deregulasyon sa industriya ng langis. Itinulak nito ang papalaki nang papalaking gastos sa produksyon at nagpapataas sa presyo ng mga batayang bilihin. Kung may pakunwaring pagbaba naman sa presyo na madalang na nangyayari, kakarampot lang kung ihambing sa laki at dalas ng pagtaas ng presyo.

Ang pribatisasyon sa sistema ng kalusugan ay malinaw na iniinda ng mamamayan nang tumama ang COVID 19 sa bansa at pinabayaan ng gubyerno ang kagalingang pangkalusugan ng mamamayan. Iniasa ng reaksyonaryong gobyernong Duterte sa pribadong sektor ang pangangalaga sa kalusugan ng mamamayan. Dahil nakasandig sa pribadong mga ospital at pasilidad na mayroong mas mahusay na kagamitan at sistema ang kalakhan ng pangkalusugang serbisyo, kulang o walang natatamong sapat na medikal na serbisyo ang mga mahihirap. Marami ang hindi na nagpapa-*swab test* o nagpapagamot dahil walang pambili o pambayad. Ipinapasa ng DOH sa Philhealth na nag-uumapaw din sa katiwalian ang pagsagot sa mga gastusing medikal ng mga pasyente. Kaya kahit ang pribadong mga ospital at pasilidad na hindi nabayaran ng Philhealth ay nalagay din sa bingit ng pagbagsak.

Habang nakaluhod sa pangunahing among imperyalismong US, pataksil na nakikipagkutsabahan ang traydor na Duterte sa imperyalistang China sa pagdadahilan ng pagtataguyod ng independyenteng palisiyang panlabas. Pataksil nitong ipinaubaya sa China ang soberano at karapatan sa baybayin ng Pilipinas sa West Philippine Sea (WPS) kapalit ng ipinangako ni Xi Jin Ping na $24 bilyon na mapang-usurang utang. Ipinupursige nito ang kanyang ipinagmamalaking Build, Build, Build na mga proyektong anti-mamamayan na pinondohan ng utang mula China tulad ng mapandambong at mapaminsalang Apayao Dams at Chico River Pump Irrigation Project.

Ibayo pang pinasahol ni Duterte ang pagkabaon ng ating bansa sa utang. Sa ilang taon lang ng kanyang panunungkulan, umabot sa ₱5.7 trilyon ang kanyang inutang, at tinatantyang aabot pa ito sa lampas ₱6 trilyon sa pagtatapos ng kanyang termino. ₱13.2 trilyon na ang kabuuang publikong utang ng Pilipinas. Sa ganitong halaga, mahigit ₱100,000.00 na ngayon ang pasan ng bawat Pilipino.

Ang mabilis na paglaki ng utang ay idinahilan ng tirano na ginamit sa pagharap sa krisis pangkalusugan dulot ng COVID 19, sa pamimili ng bakuna at mga medikal na kagamitan, ayuda sa mamamayan. Ang totoo, napakaliit lang ang aktwal na inilapat sa pagtugon sa COVID-19 dahil bilyon-bilyon dito ang ninakaw ng rehimen. Malaking



kantidad dito ang pinang-abono sa taunang depisit sa badyet, pagmodernisa sa AFP at PNP at mga maanomalyang proyektong imprastruktura. Sa bilis at laki ng kanyang pangungutang, malayong nalampasan niya ang rekord sa pangungutang ng kanyang idolong si Marcos at ang naipong ₱5.9 trilyong utang ng bansa sa ilalim ng iba't-ibang rehimen mula 1902 hanggang 2016.

Ang netong resulta ng tiraniko, taksil, kawatan at pasistang pamumuno ni Duterte sa bansa ay ibayong paghihirap ng mamamayan dahil sa pagbagsak ng ekonomiya ay paglobo ng bilang ng mga nagugutom at dumaranas ng labis na kagutuman. Umaabot sa 17.7 milyon sa 48.5 milyong kabuuang lakas paggawa ang nawalan o kulang sa trabaho at kabuhayan dahil sa pagkabangkarote o temporaryong pagsasara ng 160,000 maliliit at katamtamang-laking mga negosyo.

Habang saklot pa rin ang bansa sa pagdapa ng ekonomiya, pasistang panggigipit at patuloy na pagkalat ng *virus*, dagdag pang pinasasahol ni Duterte ang krisis ng bulok na sistema dahil sa kanyang walang awat na korapsyon at tuloy-tuloy na pagpapalaki ng gastusing militar. Sa darating na buwan ng Hunyo, bababa siya sa kapangyarihang bundat sa nakaw at maruming kayamanan. Sa kabilang banda, kakaharapin niya sa International Criminal Court ang kasong krimen laban sa sangkatauhan na isinampa ng mga pamilya ng biktima ng maramihang pagpatay sa kanyang pekeng gera kontra gera. Sa loob ng bansa, kakaharapin din niya ang paniningil ng mamamayan ng hustisya sa kanyang mga krimen.

Wala siyang ibang masasandigan kundi ang pakikipag-alyansa sa kapwa tiraniko at magnanakaw na mga dinastiyang Marcos at Arroyo. Sa paraang ito, matitiyak niya ang pananatili ng kanyang dinastiya sa kapangyarihan. Sa darating na eleksyon, siguradong gagawin niya ang lahat upang maipagwagi ang alyansang Marcos-Arroyo-Duterte (MAD) sa pagtakbo ng kanyang anak na si Sara sa pagka-bise presidente at ng iba pa niyang tapat na alipores.

## Pamana ni Digong

### Bangkaroteng Gobyerno at Bagsak na Ekonomya

**₱13.2 trilyon**
Kabuuang publikong utang

=

mahigit **₱100,000,00**
utang ng bawat Pilipino

**15.2 - 17.7 milyon**
bilang ng walang trabaho o kulang sa trabaho

**160,000** nagsarang mga maliliit at katamtamang laking negosyo

**20%** tantos ng implasyon

**46.1 milyon** Pilipinong dumanas ng katamtaman at matinding gutom (2018-2020)

**4.3 milyon**
Pilipinong dumanas ng labis na kagutuman (2018-2020)

**Partial na Talaan ng Pasistang Kahayupan ng Tiranong Duterte**

## Mga Pinatay sa Oplan Tokhang

**6,215** - Aktwal na operasyon ng pulis (batay sa huling tala noong Oct 2021)

**30,000** - Extra Judicial Killings -Istilong Vigilante/DDS

**421** - Pinatay na Aktibista, HR defender, organizer

**24** - Pinatay na Journalist/Media

**65** - Pinatay na mga hukom, abogado, piskal

**27** - Pinatay na Mayor, Vice Mayor

**100,000** - Nabalong Kababaihan, Naulilang mga bata bunga ng Tokhang

**25** - Bilang ng Masaker



## Pagdurog sa Marawi



**370** - Pinatay na Mamamayang Moro

**3,000** - Missing sa Marawi

**27,000** - Pamilyang nawalan ng tirahan at kabuhayan

**300,000** - sapilitang pinabakwit

## Sa taong 2020-2021 lang na mga insidente

Pambobomba mula sa Ere - **24**

Panganganyon - **11**

Pag-istraping ng military aircraft - **11**

Mga sibilyang napilitang magbakwit - **21,376**

Paglabag sa karapatang pantao - **29,782**

HRVs bawat araw - **82**





**Libo-libong** pekeng pagpapasuko

**80,211**

***indibidwal na pinabakwit mula sa 14 na probinsya***




## Bakit hindi na dapat makapanumbalik sa Malacanang ang tiranong dinastiyang Marcos


Hinusgahan na sila ng taumbayan at kasaysayan sa kanilang mga krimen nang pabagsakin ang kinamumuhiang diktadurang rehimen noong 1986. Hinusgahan na rin ng ilang hukuman sa Pilipinas at labas ng bansa ang ilan sa kanilang mga krimen. Hindi na mabubura o mababago ng anupamang kasinungalingan o salapi ang katotohanang ito na isinulat ng buhay, dugo at pawis ng milyon-milyong Pilipino sa 14 taon ng anti-diktadurang paglaban. Samantalang ilang dekada nang namatay ang pasistang diktador, hustisya pa rin ang sigaw ng mga mamamayang biktima ng batas militar. Ang pagtangging kilalanin ang kanilang pananagutan at humingi ng kapatawaran ay tiranikong kawalanghiyaan ng dinastiyang Marcos. Maging sa mga korte sa labas ng bansa, walang kahihiyan nilang ipinaglaban ang pag-angkin sa mga nakaw nila sa bayan. ₱170.4 bilyong halaga lang ng mga ari-arian ng mga Marcos mula sa pangungulimbat ang nabawi ng gobyerno mula sa panahon ng rehimeng Cory Aquino. Ilang bilyon lang ang naipagwagi bilang kumpensasyon sa laban ng kulang-kulang 10,000 na mga biktima ng paglabag sa karapatang pantao sa isang korte ng US sa Hawaii.

Mula dekada '90, ginamit ng mga Marcos ang kanilang mga nakaw na yaman para makabalik sa iba't-ibang pusisyon sa reaksyonaryong gobyerno. Nang nakapwesto na, parehong panlilinlang at pangungulimbat pa rin sa kaban ng bayan ang kanilang ginagawa. Halimbawa si Imee, nang naging gubernador ng Ilocos Norte ay naakusahan sa maanomalyang paggamit ng ₱66.45 milyon mula sa *tobacco excise tax* (RA 7171), sa maanomalyang pamimili ng mga sasakyang ipinamahagi sa munisipyo. Kung walang pakundangang nagagawa ang ganitong katiwalian ng isang upisyal sa kanyang mismong kababayan sa probinsyang may mataas na antas ng kahirapan, nakakayamot isiping ang patutunguhan ng ating bansang Pilipinas ay muling paghaharian ng pahirap, pandarambong at panunupil kung makapanumbalik ang mga Marcos sa Malacañang. Si Bongbong Marcos naman ay walang kakayahang mamuno dahil wala itong nagawang ni isang batas sa loob ng kanyang anim na taon sa Senado. At sa loob ng kanyang panunungkulan bilang gubernador ng Ilocos Norte at opisyal ng Phil. Communications Satellite (PhilComSat), wala siyang kahit kusing na binayarang buwis. Maging si Digong ay pinaparatangan siyang gumagamit ng droga ngunit ginagamit lamang itong alas upang pumiga pa ng mga konsesyon sa pamilyang Marcos. Lalong nakakasuklam gunitain ang ika-50 na anibersaryo ng pagpataw ng malagim na batas militar kung ang anak ng pasistang tirano ay nakaupo na sa trono sa Malacañang.

**Bakit hindi na dapat na makapanatili sa kapangyarihan ang inutil, mandarambong at pasistang pangkating Duterte**



Ang katangian ng rehimeng Duterte ay isang korap, mamamatay-tao, taksil at pasistang tiraniya. Wala itong ibang ipapamana bagsak na ekonomya, lumalalang kahirapan, bagsak na panlipunang serbisyo lalo na sa pampublikong kalusugan at edukasyon, gabundok na utang, paglala ng problema sa iligal na droga, matinding pang-aapi ng imperyalistang US at China. Ito ang ipinangangalandakan niyang "Duterte Legacy" na ipagpapatuloy ng kanyang pangkatin kung kaya't kailangan daw silang ihalal ng taumbayan. Natural na kapag ang kanyang mga benindisyonan na kandidato ang mahalal, ipagpapatuloy nila ang teroristang paghahari, pagpakatuta sa imperyalistang US at China, pagnanakaw sa kaban ng bayan, pekeng gera kontra-droga, at ang madugong kontra-rebolusyonaryong gera. Ipagpapatuloy lang nilang apihin at pagsamantalahan ang mamamayan sa pamamagitan ng pangungutang, paninikil sa karapatan, kriminal na sindikato, pagpapalaganap ng kasinungalingan sa pamamagitan ng kanilang mga *trolls* at kung anu-ano pang mga kontra-mamamayang mga programa at patakaran.




Hindi napigilan ang pagguho at pagkawatak-watak ng dating alyansang maka-Duterte. Nawalan ng saysay ang alamat ng mataas na *approval rating* ng teroristang Duterte sa mga *survey*. Hindi na maikubli ang pag-alingasaw ng mga katiwaliang direkta niyang kinasangkutan na nabunyag sa mga pagdinig sa Senado. Habang nag-aastang matatag pa rin, litaw ang pagkabahala sa kasong kinakaharap niya sa ICC. Nariyan din ang namumuong diskuntento ng mga junior na opisyal ng militar at pulis sa kanyang duwag na tindig sa usapin ng WPS. Nandyan rin ang mga reklamo ng kanyang mga alipores sa kawalan ng komon na pundo para sa eleksyon dahil nakaligpit na sa labas ng bansa ng nakaw niyang ipon. Isa-isa nang tumalikod ang dati niyang kakampi. Iilan na lang silang naiwang sakay sa papalubog na barkong dati ay siksikan ang pasahero. Wala nang nabuong slate ang nabiyak na partido ng kanyang administrasyon. Sa madaling salita, kung kakasa na magsasarili, pampulitikang pagpapatiwakal ang kanyang patutunguhan. Kaya para makaipon ng sapat na lakas bago sumabak sa elektoral na bakbakan, kailangan niyang makipagsanib-pwersa sa kapwa kamuhi-muhing dinastiya ng mga burukrata kapitalista. At nabuo ang tiranikong alyansang Marcos-Arroyo-Duterte.

**Labanan ang nagsanib-pwersang Tiranikong Dinastiyang Marcos-Duterte**




Ang Bongbong-Sara *tandem* ay kumbinasyon ng mga tagapagmana ng parehong pinakakorap at pinakamalupit na pangkatin ng naghaharing uri. Nagsusumikap silang makapwesto sa tuktok ng kapangyaring para rendahan ang bulok na malakonyal at malapyudal na sistema ng lipunan sa Pilipinas na kanilang pinaghaharian. Si Bongbong ay kumakatawan sa dinastiya ng napatalsik na kinamuhiang diktador na nais makapanumbalik sa Malacanang. Samantala, si Sara naman ay kumakatawan sa dinastiya ng pasistang tiranong si Digong na nais makapanatili sa kapangyarihan. Bagamat may umiiral na hindi maitatatwang tunggalian sa pagitan ng dalawang dinastiya, pansamantala silang nagkakaisa.


Sa elektoral na paligsahan sa pagitan ng mga magkakatunggaling paksyon ng naghaharing uri, nasa bentaheng pusisyon ngayon ang tiranikong alyansang Marcos-Arroyo-Duterte dahil hawak nila ang armadong makinarya ng estado-ang pulis at militar na gagamitin upang takutin at gipitin ang mga pwersang laban sa tiraniya. Kontrolado ni Duterte ang mayorya sa mga komisyoner ng COMELEC na pawang mga hinirang niya. Pagmamay-ari ng kanyang kroning si Dennis Uy ang F2 Logistics Philippines Incorporated na siyang maghahatid at magbobodega ng mga kagamitan sa halalan. Hawak din ng alyansang MAD ang pinansya at rekurso ng estado. Bilyon-bilyong nakaw na salapi ang binubuhos ng mga Marcos para bayaran ang katapatan ng mga pulitiko, habang namumudmod ng mga pakunti-konting ayuda sa masa. Mula pa ng tumakbong bise presidente si Bongbong, bongga ang mga kasinungalingang propaganda sa *mainstream* at *social media*. Hindi mapapasubalian ang kakayahan at galing ng mga Marcos sa galanteng panunuhol sa mga hukuman, mga ahensyang taga-imbestiga at lupon na magdedesisyon kung siya ay tuloy sa pagtakbo o madidiskwalipika. Hindi na rin lingid sa kaalaman ng pubiko ang katusuhan ng mga Marcos at mga Duterte sa pagmentina ng hukbo ng mga bayarang *trolls* na mapanlansing nagtatambol ng gawa-gawang malawak na *popular* na suporta para sa dalawa.

Malinaw ang mga palatandaan na dadayain ng buhong na Duterte ang eleksyon upang maipanalo ang kanilang alyansa tulad ng pandarayang ginawa niya noong eleksyong 2019. Kailangan niya ng alyadong bagong presidente na masasandalan

upang hindi siya maaresto at makulong ng ICC sa kanyang mga krimen laban sa sangkatauhan Kailangan niya ang kakampi sa pagharap ng naghihintay na mga kasong isasampa sa kanya sa mga hukuman sa loob ng bansa para papanagutin sa kanyang mga krimen sa pandarambong at maramihang paglabag sa katapatang pantao.

Marapat lamang na biguin ng mamamayan ang maitim na balakin ng sabwatang Marcos-Duterte na lalo pang magsasadlak sa mamamayang Pilipino sa sukdulang pasakit. Matinding pagsasamantala, pag-aapi at panunupil ang ihahatid nila sa mamamayan habang ibayong lumulubha ng panlipunang krisis na pinabilis pa ng pandemyang COVID-19. Madilim ang kakaharaping susunod na mga taon ng sambayanan kung ang tiranikong tambalang ito ang hahawak ng kapangyarihan. Nagbabadya ito ng paparating na matinding panlipunang sigwa na walang awang mananalanta sa sambayanang Pilipino kung hindi malabanan.




kasinungalingang propaganda ng mga Marcos sa mass media at social media

## Paano labanan

Para epektibo itong malabanan:

1 Isagawa ang mga talakayan upang balik aralan ang kasaysayan, maghalaw ng mga aral,ipaalala sa mga nakalilimot at ilinaw sa hindi nakakaalam o hindi nauunawaan ang mga mabibigat na krimen ng tiranikong dinastiyang Marcos at Duterte.

2 Buuin ang matatag at tamang paninindigan batay sa katotohanan at kung ano ang makatwiran. Sa ganitong batayan, walang anumang tusong panlilinlang, pasistang pananakot o panunuhol ang maaring magkait o gawing katatawanan ang paggamit ng ating demokratikong karapatan.

3 Habang may ilang buwan pang hihintayin bago ang halalan, gamitin ang pagkakataon

para mabuo ang nagkakaisang kapasyahang determinadong labanan ang paghari ng kadiliman.

4 Patuloy na isulong ang mga sama-samang pagkilos sa paniningil ng hustisya sa dinastiyang Marcos at pagsauli sa mga dinambong nilang yaman ng bayan.

5 Kasabay sa pagsusulong ng mga anti-pyudal at iba pang mg kilusang masa, direktang magsampa ng kaso sa hukuman ang mga biktima ng paglabag sa mga karapatang pantao laban sa pasistang Duterte at kanyang militar, pulis at iba pang alipores sa lokal na gobyerno.

6 Singilin ang pangkating Duterte sa kanyang kapabayaan, mga ninakaw nilang pundo para sa ayuda sa kahirapang dulot ng COVID, pagkawala ng trabaho, pagbagsak ng presyo ng palay, mais, gulay, saging at iba pang produkto, ayuda sa mga tinamaan ng bagyo, baha, tagtuyot, peste sa mga pananim, at ASF.

7 Ilaban din ang makatwirang subsidyo sa harap ng epekto ng pagtaas ng presyo ng abono at iba pang batayang pangangailangan dahil sa tuloy-tuloy na pagtaas ng presyo ng gasolina at iba pang produktong petrolyo

8 Ilaban ang karapatan sa trabaho at kabuhayan pagtataas ng sahod ng mga manggagawa, empleyado at manggagawang bukid.

9 Sikaping makapagbunsod ng malawak na anti-tiranyang pagkakaisa, palakasin ang mga makinaryang nakatayo, tipunin ang lakas ng mamamayan mula sa antas baryo, bayan, probinsya at rehiyon para sa anti-pasistang laban. Mulat na ikawing ang mga labang ito sa mga anti-imperyalista at anti-pyudal na laban at panawagan.

10 Makipagtulungan sa lahat ng pwersang oposisyon sa lokalidad at aktibong ibunyag at labanan ang mga panlilinlang, pamimili ng boto, pamumudmod ng kung anu-ano kapalit ng boto na gagawin ng mga lokal na alipores ng tambalang Marcos-Duterte.

11 Mapangahas na labanan ang paninindak at pamimilit ng militar at kapulisan na magtutulak na Marcos-Duterte tandem ang suportahan.

12 Ihalal at suportahan ang mg progresibong kandidatong sinserong nagsisilbi, nagtataguyod sa kagalingan at kumikilala sa karapatan ng mamamayan. Ihalal ang mga kandidatong hindi gaanong reaksyonaryo na tumatakbo laban sa sabwatan ng tiranong dinastiyang Marcos-Duterte at ng kanilang mga sagad-saring alipores sa lokalidad.

13 Gamitin ang bentahe ng mga elektronikong kagamitan sa komunikasyon at *social media* sa pagdokumento at pagsiwalat ng mga pangyayari ng mga iregularidad at karahasan.

14 Maging mapagmatyag at tiyaking malabanan ang anumang anyo ng pandaraya sa panahon at pagkatapos ng halalan.

15 Maging alisto sa bawat pagpihit ng mga pangyayari at handang lumahok sa sama-samang pagkilos sa mga lansangan ng kalunsuran at sentrong bayan laban sa dayaan. Gawing inspirasyon ang pag-alsang EDSA ng 1986 na nagpatalsik kay Marcos sa kapangyarihan, habang determinadong paghandaan ang lalo pang paglubha ng bigwas ng kalupitan ng terorismo ng estado na handang pakawalan ng tiranikong tambalang Marcos-Duterte.

Habang lakas-loob na kumikilos upang igiit ang karapatan sa makabuluhang reporma at kagalingan, mahigpit nating panghawakan ang armadong rebolusyonaryong pakikibaka bilang pangunahing porma ng paglaban upang makamit ang tunay na panlipunang pagbabago. Kailangang wasakin ang reaksyonaryong estado ng mga mapagsamantala, mapang-api at mapanlinlang na naghaharing uri at itayo ang isang malayang republika ng mamamayan tungo sa pagpapanday ng sosyalistang kinabukasan.